# ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN

## PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT ANG IBA



# MGA KRIMEN NG KASUKLAMAN

*Ano ang krimen ng kasuklaman?*

*Bakit kailangan mong magsumbong ng mga krimen ng kasuklaman at mga insidente ng pagkiling*

*Paano makuha ang kailangan mong suporta*

### Higit ang epekto ng mga krimen ng kasuklaman kaysa sa biktima




Ang mga krimen ng kasuklaman ay may mga mapangwasak na epekto higit pa sa pinsalang naidulot sa isang biktima. Umaalingawngaw sila sa mga pamilya, komunidad, at sa bansa at natatakot ang iba na baka sila din ay maaring bantaan, atakihin, at iba pa, ng dahil sa kung sino sila o pinaghihinalaang sila.

**Mga federal na protektadong klase:**


- Lahi, Kulay, Pambansang Pinagmulan
- Relihiyon
- Kapansanan, Sekswal na Oryentasyon
- Estado ng Pamilya
- Seks, Kasarian
- Pagkakakilanlan ng Kasarian

### Krimen ng kasuklaman o insidente ng pagkiling?

Ang isang kilos o pagtatangkang kilos ng karahasan na lumalabag sa batas pang-kriminal at naudyok ng pagkiling ay maaaring mahabol bilang krimen ng kasuklaman.

Sa federal na antas, ang isang krimen na naudyok ng pagkiling laban sa lahi, kulay, relihiyon, pambansang pinagmulan, sekswal na oryentasyon, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian o kapansanan. Maaari ring payagan ng mga batas ng state ang state at lokal na pag-uusig ng ilang partikular na krimen ng kasuklaman.

Hindi lahat ng masuklam na pag-uugali, kabilang ang kasuklaman na talumpati, ay isang krimen. Ang mga kilos ng pagtatangi na hindi mga krimen at hindi sumasangkot ng karahasan, pagbanta o pinsala sa ari-arian ay maituturing na pagkiling o mga insidente ng kasuklaman - kasuklam-suklam at nakakatakot ngunit hindi isang krimen. Gayunpaman, ang pagsumbong ng mga naturang insidente sa lokal na pulis at mga kinatawan ng lungsod/bayan ay makakatulong sa kanila na turuan, ipaalam at protektahan ang lahat ng ating mga komunidad. Hindi lahat na nakikibahagi ng kasuklaman na talumpati ay tataas sa paggawa ng isang krimen ng kasuklaman. Ganyunpaman, kapag nangyari ito, ang dokumentasyon ng mga insidenteng ito ay posibleng magamit sa isang kriminal na paglilitis upang mapakita ang tularan at pag-uudyok.



# ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN

## PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT ANG IBA

## Kung ikaw ay isang biktima ng isang krimen ng kasuklaman

### Isumbong mo

- Makipag-ugnayan kaagad sa iyong lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas at pagkatapos ay magsumbong sa FBI.

### Idokumento ito

- Tandaan ang pinakamaraming detalye hangga't maaari: edad, kulay ng balat, buhok sa mukha, taas/timbang, kasuotan, mga peklat/tattoo, mga detalye ng sasakyan, at iba pa. Kumuha lang ng litrato o video ng tao o sa kanilang sasakyan kung ito ay ligtas nang gawin.
- Isulat ang mga eksaktong salita na sinabi. Isulat ang mga detalye habang presko pa sa iyong utak. Gamitin ang tampok na voice memo o ang notepad sa iyong telepono.
- I-save ang lahat ng ebidensya (halimbawa, mga email, mga screenshot ng mga ipinost, mga litrato ng pinsala, at iba pa)
- Kunin ang mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng mga biktima at testigo.

### Kumuha ng Suporta

- Hindi ka nag-iisa - makipag-ugnayan sa mga kaibigan, mga grupo sa komunidad, mga grupo na nagbibigay suporta sa biktima.

## HINDI ka nag-iisa

Ang isang krimen ng kasuklaman o insidente ng pagkiling ay maaaring gawin laban sa isang indibidwal o grupo, ngunit magagawa nating lahat ang ating bahagi upang matiyak na ligtas ang lahat ng ating mga kapitbahay at miyembro ng komunidad:

- Magsalita laban sa kasuklaman at kawalang-paraya
- Magdaos ng mga rally ng suporta sa inyong komunidad
- Mag-alok ng tulong at suporta sa mga biktima
- Makikipagtulungan sa inyong lokal na tagapagpatupad ng batas, lokal na pamahalaan, mga paaralan, mga relihiyosong organisasyon at grupo ng komunidad upang tumugon sa mga krimen ng kasuklaman at mga insidente ng pagkiling kapag nangyari ang mga ito at upang itaguyod ang pag-iwas at kamalayan




## MAGSUMBONG NG MGA KRIMEN NG KASUKLAMAN

### TAWAGAN ANG PULIS

Isumbong ang insidente sa inyong lokal na pulis o opisina ng sheriff

KUNG IKAW AY NASA PANGANIB

**MAG-DIAL SA 911**

### TAWAGAN ANG FBI

Isumbong ang lahat ng mga krimen ng kasuklaman sa FBI sa pagtawag sa

**1-800-CALL-FBI**

### MAGSUMBONG ONLINE

Gamitin ang online na portal ng FBI para magsumbong sa insidente. Maaari kang manatiling hindi makilala.

**TIPS.FBI.GOV**

*Ginawa ng Opisina ng United States Attorney*
*Distrito ng Maine - 2023*